

# **Kaugnay sa Deduction na nakukuha para sa**

## **Kamag-anak na Dependents na nasa abroad**

### **(Punto sa pagbabago ng Sistema ng buwis sa taong 2016)**

#### **● ANO NGA BA ANG TINATAWAG NA FUYO KOJO . . .**

Kung ang Taxpayer ay may dependents o kamag-anak na may mababang kita o binibigyan ng suportang pangkabuhayan , maaring bumaba o mabawasan ng kaukulang halaga ang kanyang tax na binabayaran. Ito ay depende sa sirkumstansya o bilang ng kanyang mga dependents.

Sa madaling salita . . .

**Ito ay sistemang pinaiiral upang mapababa ang binabayaranang buwis ng isang Taxpayer na sumo-suporta sa kanyang kamag-anak.**

#### **● Maari din makakuha ng fuyo kojo para sa mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa**

【Ano ang kundisyon】

- Ang Taxpayer ay nag babayad ng buwis sa bansang Hapon
- Ang Taxpayer ay nag bibigay ng suportang pangkabuhayan (sustento) sa kamag-anak na nasa ibang bansa.

【Para sa Hapon na asawa ng Filipino】

Hanggang 3<sup>rd</sup> degree na kadugong kamag-anak ng kanyang kabiyak o asawa  
(Biyenan • lolo o lola • Kapatid • Pamangkin • Tiyuhin o Tiyahin ng asawa)

【Para sa mga Filipino】

Hanggang 6<sup>th</sup> degree na kadugong kamag-anak (Magulang • lolo o lola • Kapatid at mga asawa nila • Pamangkin • Tiyuhin o Tiyahin • Pinsan • Lolo o Lola sa tuhod)

※ **Narito ang nilalaman ng reporma sa sistema ng buwis**

- Bahagyang pagbabago ng Income Tax Law mula sa reporma sa sistema ng buwis. (Ang nilalaman ay mula sa Home Page ng National Tax Agency)

Sa pagbawas ng tax mula sa sweldo o public pension ng empleyado o nang pag adjust nito tuwing natatapos ang taon, Kung ang residente na tumatanggap ng sweldo etc. ay mag-aapply ng deduction o bawas tax etc. (Spousal Deduction, Disability Deduction, o Special Exemption para sa asawa o deduction para sa disabled) para sa dependents na naninirahan sa ibang bansa ay kailangan mag sumite o ipakita ang **「Dokumento ng Pagkakamag-anak」** at **「Dokumento ng pagpadala ng suporta」** sa employer o nagbabayad ng sweldo. Kailangan ang Japanese translation ng mga dokumento kung nakasulat sa wikang banyaga.

Ibig sabihin, para makakuha ng fuyo kojo para sa kamag-anak na nasa ibang bansa kailangan i-sumite ang . . .

**「Dokumento ng Pagkakamag-anak」** at **「Dokumento ng pagpadala ng suporta」**

● **ANU-ANO ANG “DOKUMENTO NG PAGKAKAMAG-ANAK” . . .**

Katunayan na nagsasaad ng lugar ng paninirahan at kaugnayan sa Taxpayer ng mga kamag-anak na dependents

- ① Kopya ng karagdagang Family register o iba pang dokumento na inisyu ng gobyerno ng Japan o ng lokal na pamahalaan at kopya ng pasaporte ng kamag-anak na hindi residente sa Japan.
- ② Dokumentong inisyu mula sa gobyerno ng ibang bansa o mga lokal na pamahalaan ng ibang bansa (Limitado sa mga dokumentong nagsasaad o nagpapakita ng mga pangalan, petsa ng kapanganakan at address o tirahan ng kamag-anak na hindi residente ng Japan.)

(Halimbawa) Family register • Birth Certificate • Marriage Certificate • Passport copy  
(Kailangan ang Translation sa wikang Hapon ng nasabing dokumento)

● ANU-ANO ANG “DOKUMENTO SA PAGPAPADALA NG SUPORTA” . . .

Ito ay ang mga sumusunod na dokumento na nagpapakita ng pagbabayad na ginawa sa buong taon para sa gastusin sa pamumuhay, sa edukasyon at iba pa nang mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa. (kailangan ang Translation sa wikang hapon)

- (1) Dokumentong nanggaling sa Pinansyal Institusyon o kopya nito na nagpapatunay ng pagbabayad na ginawa mula sa palitan ng transaksyon ng pinansyal intitusyon at ng mga kamag-anak na nasa ibang bansa.
- (2) Dokumentong nanggaling sa kumpanya ng credit card o kopya nito na nagpapatunay na ang kamag-anak sa ibang bansa ay ginagamit ang credit card para sa pagbili ng mga produkto at serbisyo at dito ay nakatanggap o makakatanggap mula sa iyo ng katumbas na halaga ng ginastos sa credit card.

( Halimbawa ) Resibo ng remittance sa ibang bansa • Sertipikasyon pagtanggap ng remittance • Statement ng paggamit at bayarin ng credit card.

● IMPORTENG BAGAY ANG PAG REMIT NG PERA SA IBANG BANSA

Kapag mag-aaplay ng fuyo kojo (dependent deduction) atbp, kaugnay sa dalawa o higit pang mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa, kailangang mag remit sa bawat isa sa naturang kamag-anak.

Ibig sabihin . . .

Kung ang Taxpayer ay may 5 dependents, para maging applicable ang deduction para sa kanila ay kailangan magREMIT sa bawat isa sa lahat ng kanyang 5 dependents.

- ※ kung ikaw ay nagpapadala ng pera sa 1 tao na kinatawan ng pamilya lamang, ang kinatawan lamang na ito ang tatanggapin bilang iyong dependent.
- ※ Kung sino lamang ang naka pangalan sa account bilang recipient, sya lang ang kikilalanin bilang dependent.
- ※ Cash na dinala at iniabot, o isinama na cash sa mga internasyonal parcels o

mails at packages ay hindi na tatanggapin.

● **Bilang Isang Halimbawa...**

• **Pilipino may 3,000,000 yen na Income sa isang taon**

**500,000 yen ang naipadalang suporta sa buong taon**

May 4 na sinusustentuhang kamag-anak sa Pinas (Nanay • Tatay • kuya • ate)

**Si Nanay ang tumanggap ng padala**

**[Hanggang Ngayon]**

Income kada taon 3,000,000 Yen – Deduction na makukuha mula sa sinusustentuhan ay 1,520,000 yen (4 na kamag-anak) = Buwis na maibabalik sa isang taon ay nasa **60,000 yen**

Ang Tax Refund na makukuha sa nakalipas na limang taon

= 60,000 yen sa 5 taon = nasa **300,000 yen**

**[Pagkatapos ng 2016]**

Income kada taon 3,000,000 Yen – Deduction na makukuha mula sa sinusustentuhan ay 380,000 yen (1 lamang) = Buwis na maibabalik sa isang taon ay nasa **17,000 yen**

Ang Tax Refund na makukuha sa nakalipas na limang taon

= 17,000 yen sa 5 taon = **85,000 yen**

◆ **Sa Income Tax pa lang, 215,000 yen na ang diperensya.**

◆ **Maliban dito ang Residential taxes (Municipal o Prefectural Taxes) din ay kasamang naire-refund, sa kabuuang limang taon ay 500,000 yen ang diperensya.**

※ Ang amount ay isang estimation lamang.

● **Pagbabago kumpara sa nakaraang sistema**

Mangyaring tingnan sa naka-attach na pahina

### ● **Tungkol sa “My Number”**

- Ito ay ang 12 na numero na binibigay sa bawat isang mamamayan ng Japan
- Ang pag-gamit ng sistemang ito ay nagsimula nung Ika-1 ng Enero, 2016
- Kailangan ang “My number” kapag tayo ay magpapadala ng pera sa Pilipinas.
- Sa hinaharap, kailangan i-sulat ang “My Number” kapag mag-aapply para sa fuyo kojo o dependent deduction sa pag adjust ng bayaring tax sa pagtatapos ng taon(nenmatsu choshu) , o sa Final Income Tax Return (Shotokuzei Kakutei shinkoku) ng kumpanya.

### ● **PAGBUBUOD**

- ① Kinakailangan ang mga dokumentong magpapatunay ng relasyon ng Taxpayer at pamilya niya na naninirahan sa ibang bansa .
- ② Importanteng mai-sumite ang mga resibo (Banko · Remittance Services) ng padalang pera ng Taxpayer sa lahat at bawat isa sa kanyang dependents.

Prepared by: Pacific Guaranty Inc.